MAY UMIIRAL NA PAUNAWA SA PAGPAPAKULO NG TUBIG SA LOKASYONG ITO, HANGGA'T WALANG BAGONG PAUNAWA

Ang paunawang ito ay inisyu makaraang makumpirma na ang ilang mga lokal na kaso ng sakit ay sanhi ng protozoa, na cryptosporidium. Hindi pa nakukumpirma ang pinagmulan ng mga kasong ito, ngunit kasalukuyang iniimbestigahan ang suplay ng iniinom na tubig. Pansamantala, may umiiral na paunawa sa pagpapakulo ng tubig upang protektahan ang pampublikong kalusugan.

SAAN NAKALAPAT ANG PAUNAWANG ITO

Ang paunawa sa pagpapakulo ng tubig ay paiiralin, hangga't walang bagong paunawa, para sa lahat ng mga propyedad na sineserbisyuhan ng Council water supply sa mga sumusunod na lugar:

- Queenstown Town Centre (hanggang sa Industrial Place)
- Queenstown Hill
- Frankton Road at mga suburb sa burol sa itaas ng Frankton Road
- Fernhill at Sunshine Bay
- Frankton, kabilang ang Five Mile, Remarkables Park at Glenda Drive
- Quail Rise, kabilang ang Tuckers Beach Road
- Kelvin Heights
- Hanley's Farm

Narito ang mapa ng mga apektadong lugar:



ANG KAILANGAN MONG GAWIN

Kung ikaw ay nakatira, nagtatrabaho, nagpapatakbo ng negosyo o bumibisita / namamalagi sa isang apektadong lugar, mangyaring pakuluan ang lahat ng iinuming tubig sa loob ng isang minuto man lamang (o gumamit ng pinakuluang tubig) para sa mga sumusunod na paggamit:

- Iinuming tubig (kabilang ang malamig na inumin at gagawing yelo)
- Paghahanda ng pagkain (kabilang ang paghuhugas ng mga hindi lutong pagkain gaya ng salad, gulay at prutas)
- Paghahanda ng pormulang gatas para sa sanggol
- Paghuhugas ng mga kagamitan sa pagkain
- Pagsisipilyo
- Iinuming tubig ng mga alagang hayop

Tubig para sa paliligo, paglalaba o iba pang mga paggamit na hindi kailangang pakuluan. Mag-ingat sa pagpapaligo ng mga sanggol at maliliit na bata dahil baka makalulon sila ng tubig.

KUNG MASAMA ANG IYONG PAKIRAMDAM

Ang pinaka-karaniwang mga sintomas ng impeksyong cryptosporidium ay ang mabaho, matubig na tae at pamumulikat sa tiyan. Kung ikaw ay nakatira o nagtatrabaho o bumibisita sa isang apektadong lugar at dumaranas ng mga sintomas na ito, tawagan ang inyong doktor ng pamilya o Healthline sa 0800 611 116 para sa libreng payo mula sa isang rehistradong nars 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

PAANO MAPIPIGILAN ANG PAGKALAT NG IMPEKSYON

Ang pinakamabuting bagay na magagawa mo at ng iyong whānau upang mapigilan ang pagkalat ng impeksyong cryptosporidium (crypto) ay ang gawi na wastong kalinisan ng kamay. Nangangahulugan ito ng pagkuskos ng iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo man lamang at lubos na pagpapatuyo ng mga ito gamit ang malinis na tuwalya.

Para sa karagdagang impormasyon at mga pag-update, bisitahin ang **www.qldc.govt.nz/crypto**

Para sa impormasyon tungkol sa cryptosporidiosis, kabilang ang mga sintomas at paggamot, bisitahin ang **healthed.govt.nz/products/cryptosporidium-and-giardia**

QUEENSTOWN LAKES DISTRICT COUNCIL